



Makakuha ng isang antas na pang-ospital na pangangalaga mula sa Optum Acute Care at Home

Ang programang ito ay naghahatid ng pangangalaga sa mismong tahanan mo. Makatanggap ng isang antas na pang-ospital na pangangalaga mula sa isang team ng pangangalaga na pupunta sa iyo.

Optum



Mga sagot sa tanong mo

Sa isinapersonal na programang ito, makakakuha ka ng:

- Mga pagbisita sa bahay, pagbisita sa papamagitan ng video at telepono mula sa iyong team ng pangangalagang kabilang ang mga doktor at espesyalista, nurse, therapist (kung kailangan) at taga-schedule
- Isang team ng pangangalaga na maaari mong makontak 24/7
- Screening at pagsusuri na isasagawa sa bahay (tulad ng pagkuha ng dugo, X-ray at ultrasound)
- Pagsusuri sa mga vital sign (tulad ng tibok ng puso, temperatura at presyon ng dugo)
- Pangangalaga sa nararamdamang pananakit
- Gamot, antibiotic at IV infusion (gamot o likido na ipinapasok sa mga ugat)
- Mga resultang ibinabahagi sa iyong doktor ng pangunahing pangangalaga



Ano ang pagkakaiba ng pangangalaga sa bahay at pangangalaga sa ospital?

Nag-aalok kami ng isinapersonal na pangangalaga na katulad ng makukuha mo sa ospital. Ang kaibahan ay matatanggap mo ito sa iyong tahanan. Ang aming team ng pangangalaga ay handang tumulong sa iyo 24/7. Mag-aalok sila ng mga pagbisita sa pamamagitan ng video at pang-araw-araw na pangangalaga, kung kailangan. Kasama sa aming mga serbisyo ang:

- Mga screening at pagsusuri
- Medikal na kagamitan (tulad ng oxygen)
- Espesyal na pangangalaga tulad ng IV (gamot na ipinapasok sa mga ugat)

Bakit ka kukuha ng pangangalaga sa bahay?

Ang mga taong nakakatanggap ng antas na pang-ospital na pangangalaga sa bahay ay mas nasisiyahan kaysa sa mga nananatili sa ospital.* Ang programang ito ay tumutulong din sa mga nangailangan ng pangangalaga sa mga huling sandali ng kanilang buhay. Maaari silang makakuha ng pangangalaga sa kanila mismong tahanan sa halip na sa ospital.

Kuwalipikado ba ako para sa programang ito?

Makipag-usap sa iyong doktor para makita kung angkop ito para sa iyo.

Magkano ang halaga nito?

Maaaring mayroon kang mga copay, coinsurance o deductible sa iyong planong pangkalusugan. Para malaman, tawagan ang numero sa iyong health plan card.

Makikipagtulungan ba kayo sa aking doktor o espesyalista?

Oo. Ang aming layunin ay bigyan ka ng pinakamahusay na plano sa pangangalaga. Makikipagtulungan kami sa iyong doktor o espesyalista habang ikaw ay nasa aming programa.

Kung sasali ako, ano ang susunod na mangyayari?

Kung sasali ka, makikipag-ugnayan ang iyong team ng pangangalaga sa iyong doktor para tulungan kang mag-sign up.

Anong teknolohiya ang ise-set up sa aking tahanan?



Ang larawan ay may pahintulot ng Medically Home.

Gaano kadalas akong bibisitahin sa aking tahanan?

Parehong kasama sa iyong plano sa pangangalaga ang virtual na pagbisita at pagbisita sa bahay. Maaari kang makipag-usap sa iyong team ng pangangalaga kung saan ka mas-kumportable. Depende sa iyong mga pangangailangan, puwede kang puntahan ng iyong team ng pangangalaga sa iyong tahanan nang isa o higit pang beses sa isang araw. Mag schedule kami ng mga pagbisitang ito sa lalong madaling panahon. Sa ganitong paraan, makakapagsaayos ka ng kasama mo kung may bibisita.

Kailangan bang malaman ng mga taong kasama ko sa tirahan ang tungkol sa programang ito?

Oo. Napakahalagang ipaalam sa kanila na kukuha ka ng pangangalaga sa bahay. Minsan ay hindi nais ng ibang tao ang madalas na bisita. Ang iyong sambahayan ay dapat na kasama sa iyong pagpapasya na sumali sa programang ito.

Gaano ako katagal sa programang ito?

Walang takdang haba na angkop para sa bawat isa. Ang iyong team ng pangangalaga ang magpapasiya kung gaano ka katagal sa programa. Karaniwang pareho ito sa ng haba ng pamamalagi sa ospital. Kapag naabot mo na ang iyong mga layunin sa pangangalaga, puwede ka nang matapos sa programa.

Maaari ba akong umalis sa aking tahanan habang nasa programa ako?

Para matiyak na ligtas ka at mabilis na gumaling, kakailanganin mong manatili sa bahay habang ikaw ay nasa programa. Tulad ng pamamalagi sa ospital, kung ano ang puwede mong gawin ay nakadepende sa antas ng iyong paggaling. Ang iyong team ng pangangalaga ang magpapasya kung ano ang pinakamainam para sa iyo. Kapag tapos ka na sa programa, puwede ka nang bumalik sa iyong pang-araw-araw na buhay.

Paano kung hindi ko gusto ang programa?

Maaari kang umalis sa programa anumang oras. Tutulungan ka ng iyong team ng pangangalaga na makahanap ng pagpipilian, tulad ng pagpunta sa ospital.

Ano ang mangyayari pagkatapos ko sa programa?

Kapag magaling ka na, ang iyong team ng pangangalaga ay makikipag-ugnayan sa iyong doktor para sa mga susunod na hakbang. Aalisin namin ang aming kagamitan at teknolohiya sa iyong tahanan.



"Ako at ang aking kapatid na babae ay hangang-hanga at nasiyahan sa aming provider at mga nurse na nakilala namin sa personal at sa tablet system. Gustung-gusto namin ang 24/7 na access, ang seguridad at ang ibinigay na sistema ng pagsubaybay. Ipinadama nilang puwede namin silang kontakin kahit anong oras para sa anumang tanong o alalahanin."

Dana at Jody, mga anak na babae at tagapag-alaga ng pasyente ng Acute Care at Home

"Ang Acute Care at Home ay may serbisyo ng parmasyang nagde-deliver, kaya hindi namin kailangang iwan mag-isa ang aking ama sa bahay para kunin ang kaniyang reseta. Nagsagawa sila ng pagkuha ng dugo, CT scan at X-ray para sa aking ama sa aming tahanan. Nagpadala rin sila ng home health aide para tulungan kaming paliguan siya. Ang programa ay napakaganda."

Anne, anak at tagapag-alaga ng pasyente ng Acute Care at Home

"Naniniwala ako na ang pag-aalaga sa bahay ay mas mabuti para sa akin. Hindi ako napapaligiran ng grupo ng mga tao at nalalantad sa impeksiyon sa ospital. Ito ang pinakamagandang bagay para sa akin, na-appreciate ko ang ginawa para sa akin ng team ng pangangalaga. Ako ay nasorpresa sa programa, sobrang nagustuhan ko ito."

Jim, pasyente ng Acute Care at Home

Paano kami makokontak

1-425-304-1113, TTY 711

24 oras kada araw, 7 araw kada linggo

optumwa.com/careathome



I-scan ang QR code para mabasa ang brochure na ito sa iba pang wika

Optum

Ang sinumang taong ipinapakita sa stock na larawan ay isang modelo.

* Centers for Medicare & Medicaid Services, HHS. Report sa Pag-aaral ng Acute Hospital Care at Home Initiative. qualitynet.cms.gov/files/66fae9162702fb414b540545?filename=AHCAH_Study_092724.pdf. 2024.

Ang Optum Care Washington at ang The Polyclinic na kilala sa pangalang Optum Care Washington (ang "Mga Kasanayan") ay parehong pagmamay-ari at pinangangasiwaan ng doktor na may kumpletong awtoridad para sa lahat ng paggawa ng desisyong medikal at pangangalaga sa pasyente sa pamamagitan ng kanilang mga doktor at iba pang lisensiyadong propesyonal. Ang Optum, sa pamamagitan ng kanyang mga organisasyon ng pamamahala ("Optum") ay nagbibigay ng mga di-kinikal na serbisyong administratibo para suportahan ang Mga Kasanayan at ang kanilang mga doktor. Ang Optum o ang kanyang mga kumpanya ng pamamahala ay hindi kumukuha, nakikipag-ugnayan, o nangangasiwa ng mga doktor o iba pang lisensiyadong propesyonal, o nagtatalaga o nagtatakda ng mga pamamaraan, pamantayan, o kasanayan sa medisina o medikal na paghatol o pangangalagang pangkalusugan na ibinibigay ng Mga Kasanayan o ng alinman sa kanilang mga lisensiyadong propesyonal.

Ang Optum ay rehistradong trademark ng Optum, Inc. sa U.S. at iba pang mga hurisdiksiyon. Ang lahat ng iba pang brand o pangalan ng produkto ay pag-aari ng kani-kanilang mga may-ari. Dahil patuloy naming pinapabuti ang aming mga produkto at serbisyo, nakalaan sa Optum ang karapatang baguhin ang mga pagtutukoy nang walang paunang abiso. Ang Optum ay isang taga-empleyo na nagbibigay ng patas na pagkakataon.

© 2024 Optum, Inc. Nakalaan ang lahat ng karapatan. 15050711 331794-112024